

1

“For our work-life balance, we’ll have an open house for your kids and family on the Halloween Party, two weeks after our team building this weekend,” sabi ng kanilang team leader na si Jessica nang mag-meeting ang team nila sa conference room.

“The entire copyediting team lang ba ang kasama natin, Miss Jessica?” naitanong ni Krish nang siniko siya ng kasamahang si Lori na katabi niyang nakaupo sa gilid ng mahabang mesa.

Napatingin sa kanya ang lahat. Ngumiti naman sa kanya ang kanilang team leader sa loob ng tatlong taon. Nauna lang ito sa kanya ng isang taon kung kaya ito ang nakuhang team leader noong nagkaroon ng promotion.

Nagtatrabaho siya sa isang BPO publishing company sa Parañaque na tinatawag na *Global Publishing*. Sa Europe at America naka-base ang kanilang mga kliyente. Maraming projects katulad ng books, journals at transcription. At bawat project ay hinati ayon sa pangalan ng publisher client nila katulad ng *Blackwell, Verlag* at *John and Sons* sa journals dahil iba-iba naman ang journal specifications ng kanilang kliyente. At kabilang sa *Blackwell US* project si Krish na isang copyeditor ng tatlong taon na sa *Global Publishing*.

“For this year, kasama natin ang production team ng project

natin. "Yung ibang copyeditors ng ibang projects ay sa kanilang production isasama. So, hindi na lang puro production team at hindi rin puro copyeditors o support team ang magkakasama. It's time to bond with the production team," tugon ni Jessica sa kanya.

Napatango na lang siya at napatingin kay Lori. Ito ang batchmate niya at pinakamalapit na kaibigan sa opisina. "Ayan, so magkasama na tayong support team at production team ng *Blackwell*."

Ngumisi naman ito sa kanya. "Excited na ako, best!" anitong tila nangingislap pa ang mga mata.

"So, that's it for now," anang team leader at pinabalik na sila sa kani-kanilang work station.

Huli silang lumabas ng conference room kasama si Jessica na bitbit ang projector na ginamit kanina. Nakatanggap sila ng isang good feedback mula sa isang author. Negative or bad, nagmi-meet sila para malaman ng lahat iyon at nang ma-improve ang performance o kaya naman ay ma-boost ang kanilang self-esteem.

Biglang tila nabatubalani si Krish nang makita ang kanyang longtime love interest na isang matangkad, magandang lalaki ngunit hindi naman palangiti. Napasulyap muna ito sa kanya at saka humarap kay Jessica. Kahit papaano ay kinilig siya dahil doon at sobra ang pagkabog ng dibdib niya. Feeling niya ay nagba-blush pa siya dahil sa sulyap nito.

"Okay na bang gamitin ang conference room?" tanong ng

supervisor na si Karl Ross na mas kilala sa bansag na 'Kross' o ekis o kaya naman ay 'Master of the Ugliest' dahil sa sobrang pagka-negative nito at parating nakikita ang kapangitan ng isang bagay kung kaya parati itong proactive. Kumbaga, perfectionist talaga itong tao.

"Ah, oo. Okay na, Kross," sagot ni Jessica at saka napasulyap sa kanya.

Noon pa siya tila natauhan at nauna nang umalis habang sumunod naman ang pangiti-ngiting si Lori. Siniko pa siya nito nang makapasok na sila sa station area ng copyediting.

"Best, tumigil ka." Pinandilatan ito ni Krish nang nakatiim-bagang. Baka kasi may makarinig na iba.

Oo't alam na nina Lori at Jessica na head over heels siya sa sobrang love kay Karl Ross. Pero gusto niyang wala nang ibang makakaalam ng sekretong iyon at baka malaman pa ng lalaki ang tungkol doon. Dedma pa naman ito nang makita siya kanina. Ni tango man lang ay hindi nito ginawa. Hindi ba siya nakikita nito bilang isang babae o tao man lang? O, kahit na bilang isang colleague kaya?

"Paano naman kasi, ako ang kinikilig kanina nang sulyapan ka niya. Kahit na hindi ka niya nginitian, ano?" pabulong na sagot nito. Naupo na sila at nagpatuloy sa mahinang pag-uusap upang hindi maistorbo o marinig ng kanilang mga kasamahang abala na ulit sa kani-kanilang editing ng manuscripts.

“Hus! Tumigil ka na nga! Ayoko talagang malaman niya ang tungkol sa nararamdaman ko. Nakakahiya!” aniyang binuksan na ang monitor at nag-enter ng kanyang password. Ganoon na rin ang ginawa ng kaibigang nakaupo sa kaliwang bahagi niya.

“Pero hindi ka naman natatakot na malaman iyon nang lantaran ni Mudman. If I know, kapag naging bitter na siya sa ’yo dahil hindi mo pa rin siya sinasagot magpahanggang ngayon ay ipagkakalat niyang may gusto ka kay... you know who,” ani Lori with matching facial expression at irap.

Hindi nakapagsalita si Krish dahil doon. Oo nga. Parati pa naman niyang sinasabi kay Gene na hindi niya ito type.

“Hindi mo ako type? At sino naman ang type mong lalaki? Si Joshua? Si Chris? Si Russel? O... si Kross?” tanong pa nito nang nasa bus stop sila at sumabay ito sa kanila ni Lori na sumakay ng bus. May kotse naman ito pero hindi ginamit dahil sa color coding.

Napakagat-labi ang dalaga nang mabanggit nito ang pangalan ni Karl Ross. Talagang alam nito kung sinu-sino ang mga heartthrobs sa kanilang kompanya. Pero in fairness, marami namang may crush dito.

Mahaba ang sadyang pinakulot na buhok ni Gene. Kaya nakuha nito ang palayaw na ‘Mudman’ sa kompanya ay dahil sa rugged looks nito. Hindi naman ito pangit talaga. Pero hindi ito masyadong guwapo lalo na’t kung ikokompara niya ito kay Karl Ross. Moreno si Gene, matangos ang ilong, maganda ang light

brown na mga mata, at medyo malantik ang mga pilik-mata. May hitsura naman ang lalaki, subalit bakit hindi siya naa-attract dito? Kay Karl Ross pa rin tumitibok ang puso niya.

“Paano nga kung si Karl Ross ang type ko? May magagawa ka ba d’un?” pagtataray pa niya sa binatang naupo sa kabilang aisle ng bus dahil katabi niya si Lori na umupo malapit sa bintana.

Napatango ang lalaking nakaismid saka ngumisi pa ito. Tila nahigit ni Krish ang kanyang hininga dahil sa sobrang ganda ng ngiti nito, pero napataas-kilay naman siya para hindi nito makitang naapektuhan siya nang isang saglit.

She didn’t want to encourage him further. At gusto pa nga niyang tumigil na ito sa panliligaw sa kanya para hindi naman ma-turn off sa kanya si Karl Ross at baka maisip pa nitong may gusto siya kay Gene.

“O, ano? Isang taon nang nanliligaw sa ’yo si Mudman. Hindi mo pa ba siya sasagutin dahil nangangarap ka pa rin kay...” Napailing si Lori. “Kung ako sa ’yo, kakalimutan ko na ’yung isa at si Mudman na lang ang sasagutin ko. Ang sweet kaya niya, ano!” At saka binanggit pa nito kung anu-ano ang mga naibigay at nagawa ni Gene para sa kanya.

Napakagat-labi si Krish at inignora ang tanong na iyon ng kaibigan upang ituon sa ini-edit niyang manuscript ang pansin.

Uwian na nila nang alas diez ng gabi. Buti na lang at isang sakay lang ng bus at apartment na nila. Sabay sila ni Lori dahil

boardmates silang dalawa at parating magkatulad ang kanilang shift.

“O, ihahatid ko na kayo sa palasyo n’yo,” nakangiting sabi ni Gene nang inihinto nito ang kotse sa harapan nila, inignora ang busina ng malaking bus na nasa likuran nito.

Hinatak siya kaagad ni Lori para sumakay sa kotse.

“Halika na. Pagod na ako. Naghahanap na ng kama ang katawan ko!” sabi pa nito at nagpatianod na lang si Krish. Pinaupo siya nito sa front seat katabi si Gene habang ito ay pumuwesto sa backseat.

Sabagay, nakalibre na sila ng pamasahé. Maaga pa silang pumasok kaninang alas nueve ng umaga dahil sa scheduled overtime nila na required sa kanila. Marami kasing pumasok na manuscripts sa buwang iyon. Palapit na rin ang yearend na kadalasang nagbubultuhan ang mga issues na kailangang i-release nila para maiprenta ng kanilang kliyente sa US at Europe.

“Overtime pa rin ba kayo bukas?” tanong ng lalaki nang pinatakbo na ang kotse matapos niyang maisara ang pinto. Nakatingin ito sa kanya habang nagsasalita.

“Hindi. Sa susunod na araw pa,” tugon ni Krish na iniwas na ang mga mata. Ngunit nahuli niya ang pagkindat ni Gene sa kanya bago siya nakaiwas.

“Kaya alas ocho pa lang ay nag-aabang na kami ng

masasakyan nitong si Krish,” sansala pa ni Lori.

Ang kaibigan niya ang nakikipag-usap sa lalaki habang napapaisip siya kay Karl Ross at sa tingin nito sa kanya kanina. It was almost like a sad look. Pero bakit siya tiningnan nito nang ganoon?

“O, magkasama nga pala tayong magti-team building sa *Marimar Resort* this weekend.” Supervisor ng graphics department ng project nila si Gene, kasama ng production team kaya hindi nga malayong magkikita sila sa weekend. “Sabay na tayo, ha, Krish?” anito sa kanya nang maiparada na ang sasakyan sa harap ng gate ng apartment nila.

“Di ba may aarkilahing bus naman para sabay lahat ng empleyado doon?” aniya rito.

“Makikipagsiksikan ka ba sa mga ’yon? Alam mo namang nagtitipid rin ang kompanya, kaya dalawang bus lang ang aarkilahin nila samantalang ang mga big bosses natin ay nagkokotse gamit ang company car o sarili nilang kotse papunta roon. So, ako, hindi ako makikipagsiksikan sa kanila.”

“Oo. Sige, sige. Dapat maaga ka, ha?” sabad ni Lori bago pa makahuma ng maisasagot si Krish. Pinandilatan na lang niya ito.

Kumaway na ang lalaki sa kanila nang makapasok na sila sa gate. Napabuntong-hininga na lang siya.

“Inunahan mo na naman ako,” sita ni Krish sa kaibigan.

“Paano naman kasi, pakipot ka pa,” tugon nitong inunahan na siyang pumasok ng apartment. “May punto naman si Gene, ano!”

Bukas na ang pinto dahil ang tatlong kasamahan nilang nasa ibaba nakaupa ay gising pa. At silang dalawa ni Lori ang umookupa sa itaas ng two-storey townhouse type na apartment. Pulos mga babae sila roon kaya walang problema at kampante sila sa isa’t isa. Napagkasunduan nilang lima na wala silang lalaking pahihigain doon. Ngunit okay lang kung may bibisita katulad ng umaakyat ng ligaw.

Agad na nagtungo ang kaibigan ni Krish sa kuwarto nito samantalang nagtungo muna siya sa banyo nila sa itaas din para makapagpalit na ng pantulog. Nang pumasok siya ng sariling silid ay tumunog ang cellphone niya. Kinuha niya iyon upang basahin ang text message ni Gene.

I’m home. Sleep tight, Krish! I love you. :)

Napangiti pa siya kahit papaano. Ganitong-ganito parati ang lalaki. May text message siya sa umaga paggising niya, kapag breaktime niya at kapag bago siya natutulog sa gabi. Paminsan-minsan ay sinosorpresa siya ng bulaklak na inilagay sa loob ng locker niya. Ewan na lang niya kung saan nakakuha ng susi ang lalaking iyon. Duda niya ay kay Lori dahil may susi ito sa locker niya at may susi rin siya sa locker nito kung sakali ang isa sa kanila ay nakalimot magdala niyon.

Bound to Love You - Darlene Bollon

Humiga na si Krish sa kanyang kama at saka napaisip kay Karl Ross. Bakit parang malungkot ang mga mata nito kanina? Saka napaisip siya sa babaeng minsang sumundo dito sa opisina. Maganda ito, seksi, maputi, mahaba ang buhok at matangkad din. Iyon kaya ang mga tipong babae ni Karl Ross? Kung ganoon, wala na siyang pag-asa pang mapupuna ng lalaki dahil sa hindi naman siya gaanong katangkaran.

Tumunog na naman ang kanyang cellphone at kinuha niya iyon mula sa tabi ng unan niya at binasa ang mensahe mula kay Gene.

Birthday nga pala ni KRoss bukas. Anong gift ang ibibigay mo sa kanya?

Napasimangot siya. Bakit ba siya kinukulit yata lately ni Gene tungkol kay Karl Ross? Nagkasalubong ang mga kilay niya. Subukan lang ng lalaking ito na bumili ng gift at pangalan niya ang gagamitin para ipahiya siya at matu-turn off nang tuluyan sa kanya ang crush niya!

Nag-text back si Krish upang balaan ang lalaki. Sinagot naman siya nito ng tawa at sinabing joke lang iyon. Kaya napangiti na lang siya at nakatulog nang mahimbing. Napanaginipan pa niya si Karl Ross, ngunit nag-iba ang hitsura nito. Naging mukha ni Gene at doon ay in love na in love siya sa lalaki.

Nagising tuloy siyang humihingal. Mukhang nag-wet dream pa siya dahil sa halikang iyon at si Gene pa raw ang lalaking

mahal niya. Napakapa siya sa kanyang dibdib. Was she starting to fall in love with Gene? Pero si Karl Ross ang gustong-gustong isigaw ng puso niya. Nalilito tuloy siya.

Bahagyang napatda ang dalaga nang kumatok sa pinto niya si Lori.

“Hoy, gising na, Señorita! Nakaluto na ako ng almusal natin!” tawag pa nito mula sa labas. Bumaba na siya ng kama nang makita ang orasan; alas nueve y media na pala ng umaga.

Nag-ring ang cellphone niya at nakitang tumatawag si Gene. Napasimangot siya. Ang kulit naman talaga ng taong ito! Sinagot niya ang tawag habang papuntang banyo para maghilamos.

“Good morning, Krish! How was your sleep?” tanong pa nito sa kanya na tila full of energy.

Bakit parang alam niyang napanaginipan ko siya? anang isipan niya. Gusto niyang kabahan. Pero bakit naman?

“Okay naman ang tulog ko. Sa katunayan nga... eh, napanaginipan ko si Karl Ross. At hinalikan pa niya ako.” Saka napakagat-labi pa siya na pinigilan ang pagngiti sa sarili sa harap ng salamin.

“Hmm... talaga lang, ha? Wala talaga ako sa panaginip na iyon?”

“You wish!” At napatawa siya. Ewan ba niya. Masaya ang araw niya.